



# Pagpapalano

1

2

3

BUKLET 2 NG 3



## BUKLET

# 2

### Saklaw ng buklet na ito ang:

- Pag-unawa sa iyong kasalukuyang mga suporta
- Paglikha ng plano ng NDIS upang makamit ang iyong mga mithiin
- Pagtanggap ng inapubahang plano ng NDIS

# Paano gagamitin ang buklet na ito

Ang buklet na ito ay magagamit sa paghahanda mo ng iyong bagong plano ng National Disability Insurance Scheme (NDIS – Pambansang Iskema ng Seguro sa Kapansanan). Maaaring ito ang iyong kauna-unahang plano ng NDIS, o maaaring ikaw ay may nauna nang plano ng NDIS.

Upang maghanda para sa iyong pulong sa pagpapalano, magsimulang mag-isip tungkol sa iyong mga agarang pangangailangang suporta at kung ano ang iyong mga kasalukuyan at hinaharap na mga mithiin. Ang buklet sa pagpaplanong ito ay tutulong sa iyong maghanda upang makamit ang mga ito.

**MGA SUSING SALITA NG NDIS:** Ang ilang mga salita na ginagamit namin upang pag-usapan ang NDIS ay maaaring bago pa sa iyo, kaya't ipapaliwanag namin ang mga ito sa pagbabasa mo ng buklet.

Sa buklet na ito, ang mga halimbawa ng mga tala o mga tanong ay ipinapakita sa **pulang teksto**.

Ito ang pangalawang buklet ng kalahok sa seryeng ito. Gamitin ang buklet na ito na kasama ang Buklet 1 at 3.

## BUKLET 1: Pag-unawa sa NDIS

### Saklaw ng Buklet 1 ang:

- Pag-alam tungkol sa NDIS
- Pagpapasya kung mag-aaplay sa NDIS
- Pag-access ng NDIS

## BUKLET 2: Pagpapalano

### Sa Buklet 2:

#### Ang pag-unawa sa iyong kasalukuyang mga suporta at paghahanda para sa iyong pulong sa pagpapalano

- Upang maghanda para sa iyong pulong, pag-isipan ang iyong kasalukuyang mga suporta at kung sino ang nagbibigay ng mga ito, at kung ano ang mga suporta at serbisyo na maaaring kailanganin mo upang makamit ang iyong mga mithiin.
- Kumpletuhin ang buklet na ito nang mag-isa o sa tulong ng isang tao at dalhin ito sa iyong pulong sa pagpapalano. Pag-isipan ang anumang kaugnay na mga ulat o mga pagtatasa na kailangan mong dalhin.

#### Pagdalo sa pulong sa pagpapalano upang lumikha ng iyong plano

- Alamin kung ano ang mangyayari sa iyong pulong sa pagpapalano, sino ang titipanin mo, at sino ang maaari mong isama.

#### Pagtanggap ng iyong inapubahang plano ng NDIS

- Alamin kung paano mo matatanggap ang iyong plano ng NDIS at ang iyong susunod na gagawin.

## BUKLET 3: Paggamit ng iyong plano ng NDIS

### Saklaw ng Buklet 3 ang:

- Pag-unawa kung ano ang nakasaad sa iyong plano
- Matutunan kung paano gagamitin ang iyong plano
- Pagpili at pamamahala ng mga suporta at mga serbisyo
- Pagrepaso ng iyong plano at pag-unlad

**Tatanggap ka ng mga buklet na kailangan mo sa iyong paglalakbay sa NDIS, o maaari mong ma-access ang mga ito sa website ng NDIS sa [www.ndis.gov.au](http://www.ndis.gov.au)**

# Pag-unawa sa iyong kasalukuyang mga suporta

Ang bahaging ito ay para sa pangangalap ng pangkalahatang mga impormasyon tungkol sa iyo, sa iyong kapansanan at kasalukuyang mga suporta at mga serbisyong tinatanggap mo. Maaari mong gamitin ito upang simulan ang pag-uusap tungkol sa iyo at sa iyong buhay kapag nakipagkita ka sa iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplano ng National Disability Insurance Agency (NDIA – Pambansang Ahensiya ng Seguro sa Kapansanan).

## Ang iyong personal na mga detalye

Pangalan:

Numero ng NDIS (matatagpuan sa iyong liham ng pag-access):

Edad:

Anong kondisyon, kapansanan/mga kapansanan o pagkaantala sa pag-unlad ang mayroon ka? **Hal. Ako ay may cerebral palsy**

Paano ito nakakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay?

**Hal. Ako ay kadalasang nakapagsasarili. Gumagamit ako ng wheelchair sa paglalakad. Ako ay may inakmang kotse. Kailangan ko ng kaunting tulong sa paghahanda sa pagtatrabaho, paghahanda ng pagkain at pagpapanatili ng bahay at hardin.**

## Ang iyong kasalukuyang mga network ng suporta

**Mahahalagang tao sa iyong buhay:** Ang mga ito ay ang mga tao sa iyong buhay na hindi nagtatrabaho para sa tagapagbigay ng serbisyo sa kapansanan (disability service provider). Sila ay maaaring iyong mga kaibigan, kapamilya, kasambahay, kapitbahay, iyong superbisor o mga katrabaho, mga tagapagtaguyod o iba pang nagmamalasakit sa iyo, tumutulong at sumusuporta sa iyo. Maaari ring sila ay mga tao na sinusupportahan mo, tulad ng iyong mga anak o mga magulang.

Pangalan	Relasyon sa iyo	Ilarawan kung ano ang papel nila sa iyong buhay
Hal. Vito	Opisyal na Tagapag-ugnay ng Kapansanan (Disability Liaison Officer) sa pamantasan	Tinutulungan ako sa natatanging mga pakikipag-ayos para sa mga lecture at mga pagsusulit.

**Tungkol sa iyo:** Sabihin sa amin ang mga bagay na sa palagay mo ay kailangan naming malaman tungkol sa iyo. Sinong mga tao o anong mga bagay ang mahalaga sa iyo? Saan ka nakatira? Sino ang kasama mo sa bahay?

**Hal. Kapiling ko ang aking kasintahan sa bahay ng aking ina at ama. Ako ay talagang malapit sa aking pamilya, at may maliit na grupo ng mga kaibigan na kasabay kong lumaki.**

**Pang-araw-araw na pamumuhay:** Ano ang ginagawa mo sa bawat araw? Anu-ano ang iyong mga interes? Mayroon ka bang trabaho?

**Hal. Pumupunta ako sa isang community centre tatlong araw sa isang linggo. Wala akong trabaho pero nagboboluntaryo ako sa mga lokal na mataas na paaralan sa pag-aayos ng mga kagamitan sa isport. Gusto kong magkaroon ng full-time na trabaho sa hinaharap.**

**Hal. Tuwing Sabado at Linggo, gumugugol ako ng panahon para sa aking mga kaibigan.**

# Ang iyong komunidad at iba pang mga serbisyo ng pamahalaan

Lahat ng mga Australyano ay may karapatang maka-access ng mga serbisyo ng pamahalaan.

Pinopondohan ng Australya, mga pamahalaan ng estado at pamahalaang lokal ang mga serbisyo tulad ng edukasyon, suporta sa pagtatrabaho, kalusugan at transportasyon para sa lahat ng mga Australyano. Para sa karagdagang impormasyon kung ano ang pinopondohan ng NDIS, at kung ano ang pinopondohan ng iba pang mga sangay ng pamahalaan, sumangguni sa

**Buklet 1 - Pag-unawa sa NDIS.**

Ang bahaging ito ay tutulong sa iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplano ng NDIA na malaman kung anong mga suporta ang tinatanggap mo mula sa iba pang sangay ng pamahalaan at anong mga gawaing nakatalaga sa komunidad ang pinagkakaabalahan mo, at kung ano ang maaaring kailanganin mo sa hinaharap.

**Komunidad:** Mayroon ka bang pinagkakaabalahang mga samahang pang-isport, mga grupo ng komunidad o iba pang mga organisasyon? Gaano kadalas kang nakikibahagi sa mga gawain sa iyong komunidad?

**Hal. Nagboboluntaryo ako sa cricket club ng aking anak, kadalasan tuwing Sabado at Linggo o para sa mga pagdiriwang. Ako ay miyembro ng lokal na aklatan, at kung minsan ay dumadalo sa mga pagdiriwang doon kasama ang aking mga anak.**

**Hal. Nagsisimba ako kasama ang aking asawa nang ilang beses sa isang linggo.**

**Iba pang mga serbisyo ng pamahalaan:** Tumatanggap ka ba ang iba pang mga suporta o mga serbisyo ng pamahalaan?

Maaaring kabilang dito ang edukasyon (halimbawa paaralan, pamantasan, TAFE), transportasyon at kalusugan (tulad ng pagpapatingin sa iyong regular na GP, o iba pang mga propesyonal sa kalusugan). Kung gayon, gaano kadalas ka nagpapatingin?

**Hal. Gumagamit ako ng pampublikong sasakyan para makarating sa trabaho.**

**Hal. Mayroon akong iisang GP sa loob ng 10 taon, at siya ang nagbigay sa akin ng isang plano sa paggamot ng kalusugan sa pag-iisip upang tulungan ako sa aking pagkabalisa. Kung minsan ay tumatawag ako sa numero ng Mensline kung kailangang-kailangan ko ng makakausap.**

## Ano ang karaniwang takbo ng iyong linggo?

**Lingguhang mga suporta:** Anong mga suportang pangkomunidad at iba pang mga suporta ng pamahalaan ang ginagamit mo upang tulungan kang isagawa ang mga bagay na kailangan mo sa bawat araw?

Araw	Ano ang ginagawa ko	Upang maisagawa ang mga bagay na ito, kumukuha ako ng suporta mula sa
Hal. Lunes	<p>Ang aking anak na lalaki ay pumupunta sa childcare.</p> <p>Tuwing Lunes ay may pakikipagtipan ako sa aking sikologo (psychologist).</p>	<p>Ang pangkat ng kanyang childcare ay may mga estratehiyang nakatalaga kung sakaling siya ay siphayuin o mabalisa.</p> <p>May nakuha akong pagsangguni (referral) mula sa aking GP.</p>
Lunes		
Martes		
Miyerkules		
Huwebes		
Biyernes		
Sabado		
Linggo		

**Paminsan-minsang mga gawain:** Ano ang iyong mga gawain tuwing ikalawang linggo, buwan-buwan o paminsan-minsan?

Hal. Pumupunta ako sa swimming pool kada ikalawang linggo kasama ang kapatid kong babae, pumupunta ako sa panlipunang grupo (social group) tuwing Huwebes, at sa football tuwing Sabado at Linggo kasama ang tiyo ko.

**Ang mga bagay na tumatakbo nang mahusay:** Ano ang ikinasisiya mo tungkol sa iyong buhay sa ngayon?

Hal. Nagkaroon kamakailan ng isang tuta ang aming pamilya, natutuwa talaga akong mag-alaga sa kanya. Tungkulin ko ang pagpapakain, paglilinis at pakikipaglaro sa kanya. Hindi pa ako nagkaroon ng alagang-hayop, kaya natututo ako kung paano ito alagaan.

**Mga pagbabago:** May bagay ba na gusto mong baguhin? May anumang bago ba na gusto mong subukan?

Hal. Dalawang araw sa isang linggo akong nagtatrabaho sa isang reception centre. Gusto ko talagang makahanap ng trabaho sa isang kapihan, kung saan magkakaroon ako ng mga bagong kakilala. Gusto ko ring manirahan sa isang bahay na kasama ang ibang mga taong ka-edad ko.



# Paglikha ng plano ng NDIS upang makamit ang iyong mga mithiin

Sa iyong pulong sa pagpapalano, tatalakayin mo ang mga mithiin na nais mong makamit bilang bahagi ng iyong plano ng NDIS. Karaniwan, ang iyong unang plano ay tatagal nang 12 buwan. Pagkatapos ng iyong unang plano, maaari ka ring alukin ng mas mahabang plano, kung ang iyong mga pangangailangan ay mas malamang na hindi magbago.

## Pagtatakda ng mga mithiin

Ang mga mithiin ay mahalagang bahagi ng NDIS. Sa seksyong ito magsisimula kang mag-isip ng mga mithiin para sa iyong plano ng NDIS. Tatalakayin mo ang mga ito sa iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplano ng NDIA, na magtatanong sa iyo kung ano ang gusto mong makamit at kung mayroon kang panandaliang mga layunin o anumang mga pangangailangan sa iyong kasalukuyang buhay na sa palagay mo ay kailangang matugunan.

Ang iyong katamtaman hanggang pangmatagalang mga mithiin ay maaaring hatiin sa mga panandaliang mga mithiin na 'maliliit na mga hakbang' patungo sa iyong mas malaking mga mithiin sa buhay.

## Panandaliang mga layunin

Karaniwang makakamit ang mga mithiin ito nang wala pang 12 buwan. Pag-isipan mo kung ano ang gusto mong makamit, bakit gusto mong makamit ito at kung kailan mo gustong makamit ito.

Ano ang iyong panandaliang mga mithiin para sa plano ng NDIS na ito?

## MGA SUSING SALITA NG NDIS:

### Mga Mithiin

Ang mga mithiin ay mga bagay na gusto mong makamit sa tulong ng suporta mula sa NDIS at iba pang mga suporta at mga serbisyo. Maaaring kabilang sa iyong mga mithiin ang pagiging mas nakapagsasarili, pagkakaroon o pananatili sa trabaho, pag-aaral ng mga bagong kasanayan, pag-enrol sa edukasyon, pagiging mas aktibo sa iyong komunidad, o pagpapabuti ng mga ugnayan at pakikipagkaibigan. Kailangang subukan mong gawing mas tiyak (specific) ang iyong mga mithiin.

**Hal. Mithiin 1: Sa taong ito, gusto kong matutong gumamit ng pampublikong sasakyan nang mag-isa para makapunta ako sa aklatan, simulan ang isang kurso o lumabas kasama ang aking mga kaibigan at hindi aasa sa aking ina.**

**Hal. Layunin 2: Gusto kong makaligo nang mag-isa, na walang tagasuporta (support worker) na kailangan.**



## Katamtaman hanggang pangmatagalang mga mithiin

Ano ang gusto mong makamit nang katamtaman hanggang pangmatagalan? Ang mga mithiin ito ay maaaring mangailangan ng ilang taon upang makamit ngunit mahalagang matukoy ang mga hakbang patungo sa pagkamit ng mga ito.

**Hal. Mithiin 1: Sa susunod na mga taon, nais kong magsarili na ng bahay, siguro kasama ang isang kaibigan.**

**Hal. Mithiin 2: Makakuha ng trabaho upang mabayaran ko ang aking mga bayarin.**

## Paghahanda upang ma-access ang myplace portal

Kapag naaprubahan na ang iyong plano ng NDIS, maaari mo na itong makita sa online sa NDIS **myplace** portal. Kailangan mong magkaroon ng myGov account upang gawin ito.

Upang lumikha ng iyong myGov account, pumunta sa website na [www.my.gov.au](http://www.my.gov.au)

Kung mayroon kang problema, kailangan mo ng tulong upang lumikha ng iyong myGov account o gusto mong malaman ang higit pa tungkol sa myplace portal ng NDIS, makipag-ugnay sa iyong ECEI Coordinator, LAC o sa NDIA.

Maaari ka ring tumawag sa helpdesk ng myGov sa **13 23 07**.

### MGA SUSING SALITA NG NDIS:

#### myplace

Ang myplace ay isang ligtas na website para sa mga kalahok o kanilang hinirang na tumingin ng kanilang mga plano ng NDIS, humiling ng mga kabayaran at mamahala ng mga serbisyo ng provider.



## Pamamahala ng pondo ng iyong NDIS

Ang iyong plano ng NDIS ay magkakaroon ng pondo sa isa o higit pang kategorya ng badyet upang mabayaran mo ang mga suporta at mga serbisyo. Maaari kang magpasya kung anong mga serbisyo ang tatanggapin mo, sino ang magbibigay ng mga ito at kung kailan.

Ang iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplano ng NDIA ay magtatanong sa iyo kung paano mo gustong pamahalaan ang iyong pondo ng NDIS at tutulong sa iyong pumili ng pinakamahasay na paraan upang pamahalaan ang iyong mga pondo para sa iyong mga pangangailangan at kalagayan.

May tatlong pagpipilian sa pamamahala ng iyong pondo ng NDIS – sariling-pamamahala, pamamahala ng tagapamahala ng plano at pamamahala ng NDIA. Maaari mo ring pagsamahin ang mga pagpipilian. Halimbawa, sa umpisa ay maaari mong piliing pamahalaan nang sarili ang isang bahagi ng iyong plano at ipamahala ang natitira sa NDIA.

### Sariling-pamamahala

Ang sariling-pamamahala ng iyong mga pondo ay magbibigay sa iyo ng lubusang pagsasarili at kakayahang umangkop sa pangangasiwa ng iyong suporta. Mayroon kang kontrol, at pananagutan para sa pagpopondo ng iyong NDIS.

Kung namamahala ka nang sarili, ikaw ang may tungkulin sa pagbili ng mga suporta na kaya ng iyong badyet na pinakamahasay na tutulong sa iyo upang makamit ang mga layunin na tinukoy mo sa iyong plano.

#### Kung namamahala ka nang sarili, maaari kang:

- Maging makabago at nakakaakma sa pagpapasya kung sino ang magbibigay ng mga suporta sa iyong plano – sila ay maaaring **nakarehistrong provider ng NDIS** o di nakarehistrong provider.
- Gamitin ang iyong sariling mga tauhan o bayaran ang isang tao upang i-employo sila sa ngalan mo. (Kadalasan, hindi maaaring kunin bilang tauhan ang iyong mga kapamilya upang magbigay ng suporta sa iyo).
- Bumili ng mas maraming suporta gamit ang anumang matitipid mo sa pag-aasikaso ng iyong mga serbisyo, basta't ito ay naaayon sa napagkasunduan sa iyong plano.

May mga karagdagang kinakailangan at tungkulin para sa mga tao na sariling namamahala ng kanilang mga pondo, kabilang ang pagtatabi ng rekord, mga pag-uulat ng mga gastos at pagbabayad ng invoice ng provider. Alamin ang higit pa sa **NDIS Guide to Self-Management** (Gabay sa Sariling Pamamahala ng NDIS), na makukuha sa website ng NDIS.

### Pinamamahalaan ng Tagapamahala ng Plano

Kung pipiliin mong gumamit ang isang Tagapamahala ng Plano (Plan Manager), babayaran niya ang iyong mga provider para sa mga suportang bibilhin mo, tutulong sa pagsubaybay ng iyong mga pondo at gagawin ang anumang pinansiyal na pag-uulat para sa inyo. Maaari mong gawin ang ganitong mga bagay kung ikaw ay namamahala nang sarili ngunit ang Tagapamahala ng Plano ang magbabayad ng mga bayarin para sa iyo. Depende sa iyong sitwasyon, matutulungan ka ring pumili ng Tagapamahala ng Plano ng iyong mga provider. Pinopondohan ang Tagapamahala ng Plano sa iyong plano.

Ang iyong Tagapamahala ng Plano ay dapat nakarehistrong provider ng NDIS at sila ay maaaring mag-claim nang direkta mula sa mga badyet sa iyong plano upang bayaran ang iyong mga provider sa ngalan mo.

### MGA SUSING SALITA NG NDIS:

#### Nakarehistrong provider ng NDIS

Ang mga provider na rehistrado ay tinatawag na nakarehistrong provider ng NDIS at tumutugon sa mga pamantayan ng pamahalaan sa kalidad at kaligtasan. Ang mga organisasyon o mga indibidwal ay maaaring mag-aplay upang maging rehistradong provider. Maaari kang maghanap ng mga nakarehistrong provider sa website ng NDIS o sa myplace portal.

“

“Sa simula’t simula ay namamahala kami nang sarili at ito ay nagbibigay sa amin ng ganap na kontrol sa mga suporta na tinatanggap ni Frank. Mas matrabaho ang pag-koordina at pamamahala ngunit alam namin kung saan napupunta ang bawat dolyar at ginagawa namin ang lahat ng desisyon tungkol sa mga pangangailangan at mga suporta ni Frank.”

**MEGAN, INA NI FRANK**



## Pinamamahalaan ng NDIA

Kapag ang iyong plano ay pinamamahalaan ng NDIA (minsan ay tinatawag na pinamamahalaan ng ahensiya), magagawa mong pumili mula sa isang hanay ng mga nakarehistrong provider ng NDIS. Ang iyong mga provider ay maaaring mag-claim ng elektronikong kabayaran mula sa iyong pondo. Hindi mo maaaring gamitin ang di-nakarehistrong mga provider. Maaari mong tingnan sa myplace portal kung anong mga claim ang ginagawa ng mga provider sa iyong pondo ng NDIS at subaybayan ang iyong badyet.

“

“Hindi na ako nakukunsumi na tulad ng dati; pinagaan ng NDIS ang mga dalahin ko sa buhay.”

**STEPHANIE, KAPATID NA BABAE NI SANDY**



Ang talaan sa ibaba ay nagbabalangkas ng mga pagkakaiba ng mga pagpipilian sa pamamahala ng plano:

Magagawa kong...	Sariling-pamamahala	Pinamamahalaan ng Tagapamahala ng Plano	Pinamamahalaan ng NDIA
Magpasya at magkaroon ng kontrol kung aling mga provider ang gagamitin ko	✓	✓	✓
Gamitin ang mga nakarehistrong provider ng NDIS	✓	✓	✓
gamitin ang mga di-nakarehistrong provider	✓	✓ (Bagama't ang iyong tagapamahala ng plano ay dapat nakarehistrong provider)	Kailangan mong gamitin ang mga nakarehistrong provider kung ang iyong plano ay pinamamahalaan ng NDIA.
Makipag-ayos sa presyo upang magbayad ng mas mababa kaysa sa gabay na presyo ng NDIS	✓	✓	✓
Magbayad nang higit pa kaysa sa gabay na presyo ng NDIS	✓	Ang mga provider na naghahatid ng mga suporta sa isang kalahok gamit ang Tagapamahala ng Plano ay hindi maaaring sumingil nang higit pa sa gabay na presyo ng NDIS.	Ang mga provider na naghahatid ng mga suporta sa isang kalahok na may planong pinamamahalaan ng NDIA ay hindi maaaring sumingil nang higit pa sa gabay na presyo ng NDIS.
Gumawa ng mga desisyon na may magandang presyo ayon sa aking plano	✓	✓	✓
Tingnan ang aking plano sa myplace portal para masubaybayan ang aking badyet	✓	✓	✓
Pamahalaan ang book-keeping at mga rekord ng aking paggasta	✓	Gagawin ito ng iyong Tagapamahala ng Plano para sa iyo.	Gagawin ito ng NDIA para sa iyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagpipilian sa pamamahala ng plano at kung ano ang maaaring pinakamahasag para sa iyo, makipag-usap sa iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplano ng NDIA.

## Iba pang mahalagang impormasyon

Mayroon pa bang mga aspeto sa iyong buhay na kailangan mong talakayin? May mga suporta ba na kasalukuyan mong tinatanggap na gusto mong ipagpatuloy, mayroon ka bang anumang mga alalahanin tungkol sa kaligtasan o iba pang mga bagay na gusto mong itanong?

## Tseklist

### Nagawa mo ba ang lahat na kailangan mong gawin?

- Napunan ang buklet na ito
- Itinala ang anumang mga gusto mong itanong
- Nakapagpasya kung sino ang gusto mong makasama sa pulong sa pagpapalano
- Natipon ang iba pang impormasyon o mga ulat na sa palagay mo ay magiging kapaki-pakinabang upang maunawaan ng NDIS ang epekto ng iyong kapansanan at ang iyong personal na kalagayan

**Kung nakumpleto mo na ang lahat ng nasa itaas, ikaw ay handa na ngayon para sa iyong pulong sa pagpapalano.**

**Ang iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplano ng NDIA ang kokontak sa iyo para ayusin ang oras na gusto mo para sa pulong na ito. Maaari mong i-rekord ang mga detalye ng iyong pulong sa susunod na pahina.**

## Ang iyong pulong sa pagpapalano

<b>Petsa:</b>
<b>Oras:</b>
<b>Lugar:</b>
<b>Sino ang isasama mo:</b>

## Ano ang dapat mong dalhin sa iyong pulong sa pagpapalano?

Kung maaari, dalhin:

- Ang buklet na ito
- Ang mga detalye ng iyong bank account (kung pinag-iisipan mo ang sariling-pamamahala ng lahat o isang bahagi ng iyong pondo ng NDIS)
- Ang iyong mga detalye sa pag-login at password sa myGov (kung kailangan mo ng tulong dito, kausapin ang iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplano ng NDIA).

Maaari ka ring magsama ng isang kapamilya, kaibigan, tagapamagitan o sinuman sa iyong pulong. Kung gusto mo ng tulong upang asikasuhin na makasama mong dumalo ang tagapagtaguyod (advocate), makipag-ugnayan sa iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplano ng NDIA.

## Ang iyong mga tanong

Tanong	Sagot

# Pagtanggap ng inaprubahang plano ng NDIS

Habang ikaw ay nakikipagtulungan sa isang ECEI Coordinator o sa LAC sa pagbuo ng iyong plano ng NDIS, lahat ng mga plano ng kalahok ay kailangang maaprubahan ng NDIA. Matapos itong maaprubahan, matatanggap mo ang iyong plano nang personal o sa pamamagitan ng koreo, at sa pamamagitan ng myplace portal.

Ipapalam ng iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplano ng NDIA ang susunod na mga hakbang at kung gaano katagal aabutin ang pag-apruba ng plano.

Sa inyong pag-uusap sa pagpapalano, maaari mong hilingin na ilimbag ang kopya ng iyong plano sa iba't-ibang mga anyong maa-access tulad ng Braille, elektronikong teksto (sa CD), malaking limbag o audio (sa CD), o isalin sa iyong piniling wika.

## Ano ang mangyayari kung hindi ka sang-ayon sa nakalagay sa iyong plano?

May karapatan kang humiling sa NDIA ng **panloob na pagrerepaso** (internal review) ng iyong plano. Ipapaliwanag ng iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplano ng NDIA kung paano ito gagawin at maaari kang iugnay sa mga tagapagtaguyod (advocates) na maaaring makatulong sa iyo sa prosesong ito.

Ang kahilingan para sa isang panloob na pagrerepaso ng desisyon ay dapat gawin sa loob ng tatlong buwan ng pagkatanggap ng abiso ng desisyon mula sa NDIA.

Kung hindi ka masisiyahan sa panloob na pagrerepaso, maaari kang mag-aplay para sa pagrerepaso ng Administrative Appeals Tribunal (AAT), na umiiral sa labas ng NDIA. Hindi mo maaaring hilingin sa AAT na repasuhin ang desisyon ng NDIA kung wala pang panloob na pagrerepaso ng NDIA.

### MGA SUSING SALITA NG NDIS:

#### Panloob na pagrerepaso

Ito ay isang pagrerepaso ng desisyon ng NDIA.

Ang miyembro ng kawani ng NDIA na nagtatrabaho sa panloob na pagrerepaso ay hindi nakasama sa naunang desisyon. Maaaring nais ka niyang makausap nang tuwiran bilang bahagi ng prosesong ito.

“

Mula nang naging kalahok si Sam sa NDIS, sinimulan na namin ang pag-aaral ng mga pagpipilian at nauwi ito sa pagkuha niya ng app, Proloquo2Go. Ito ay nagbibigay-daan upang masabi niya ang kanyang mga interes at mga bagay na gusto. Ang tunay na mithiin para kay Sam ay magkaroon ng may-bayad na trabaho, at siya ay nagpakita ng interes dito.”

**PETER, SPEECH PATHOLOGIST NI SAM**



## Ang mga detalye ng kontak ng iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplano ng NDIA

**Pangalan:**


**Numero ng telepono:**

**Email address:**

**Address o lugar ng tanggapan:**

## Mga aksyon, tala at ideya

Gamitin ang bahaging ito upang ilista ang anumang mga aksyon, tala o ideya na natutunan mo sa iyong pulong sa pagpapalano. Maaaring kabilang dito ang listahan ng mga serbisyo ng komunidad o iba pang mga serbisyo ng pamahalaan na kokontakin, mga kasunduan ng serbisyo na gagawin sa mga provider, mga peer support group (mga grupo ng suporta ng kapantay) na nagtitipon sa inyong lugar o sa online, susunod na mga hakbang o anumang iba pang kapaki-pakinabang na impormasyon mula sa iyong mga pulong sa pagpapalano.






## Ano ang susunod na mangyayari?



### Mayroon kang inaprubahang plano ng NDIS.

- Kung mayroon kang isang inaprubahang plano ng NDIS, kailangan mong maunawaan ang iba't ibang mga badyet, na maaaring makatulong sa iyo upang simulang gamitin ang iyong plano at kung paano pinamamahalaan ang iyong plano.



### Simulang gamitin ang mga suporta at mga serbisyo na makakatulong sa iyong makamit ang iyong mga mithiin.

- Kapag nauunawaan mo na ang inyong plano, ang susunod na hakbang ay magsimulang magtrabaho patungo sa pagkamit ng iyong mga mithiin.
- Susuportahan ka upang simulan ang iyong plano. Ang iyong ECEI Coordinator, LAC o ang NDIA ay maaaring tumulong sa iyo na piliin ang tamang mga provider at tutulong sa iyo kung hindi umuubra ang mga bagay-bagay.
- Ang iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplano ng NDIA ay makatutulong sa iyong makipag-ugnayan sa komunidad at iba pang mga serbisyo ng pamahalaan at mga peer support group.



### Sa katapusan ng iyong plano, makikipagtulungan sa iyo ang iyong ECEI Coordinator, LAC o tagaplano ng NDIA upang repasuhin ang iyong plano at mga kinalabasan, at lumikha ng bagong plano ng NDIS.

- Ito ang pagkakataon upang pagnilayan ang iyong plano at ipagdiwang ang iyong mga tagumpay! Para sa karamihan, ito ay mangyayari makaraan ang 12 buwan.

Ikaw ay handa na ngayong pumunta sa:  
**Buklet 3: Paggamit ng iyong plano sa NDIS**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa buklet na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa:

[www.ndis.gov.au](http://www.ndis.gov.au)


National Disability Insurance Agency

 Telepono 1800 800 110


 Hanapin kami sa Facebook/NDISAus


 Sundan kami sa Twitter @NDIS

Para sa mga taong nangangailangan ng tulong sa Ingles

 TIS: 131 450

Para sa mga taong may kapansanan sa pandinig o pananalita

 TTY: 1800 555 677

 Speak and Listen (Magsalita at Makinig):  
1800 555 727

 Internet relay: National Relay Service  
[www.relayservice.gov.au](http://www.relayservice.gov.au)